# Modyul 21
# Mga Salita/Pangungusap na Nagsasaad ng Implikasyon
# Pangngalang-diwa
# Tekstong Narativ



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay tumatalakay sa;

- Pagbubuo ng mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon
- Paggamit nang wasto ng mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon
- Pagkilala at paggamit ng pangngalang-diwa sa pangungusap
- Pagkilala sa mga salita/pangungusap ayon sa formalidad ng pagkakagamit
- Pagtukoy kung ang teksto ay narativ
- Pag-uugnay ng mga makabuluhugang impormasyon sa pagbubuo ng talata
- Pagsunod sa mga tiyak na pamantayan sa pasulat na komunikasyon



## Ano na ang matututunan mo?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang malawak na kaalaman hinggil sa paggamit ng mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon, ang paggamit ng pangngalang-diwa sa pangungusap at pagkilala sa mga salita/pangungusap ayon sa formalidad ng pagkakagamit.

Matututunan mong bumuo ng mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon pati na ang pagkilala sa mga pangngalang-diwa at paggamit nito sa pangungusap.

Gayundin, matututunan mong tukuyin ang uri ng tekstong ginamit.

Matututunan mo ring sumulat nang may wastong pag-uugnay ng mga makabuluhang impormasyon sa pagbubuo ng talata at pagsunod sa mga tiyak na pamantayan sa pasulat na komunikasyon.

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ngayong hawak mo ang modyul na ito, gawin ang mga sumusunod

1. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul na hindi maunawaan, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.

2. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot sa mga pagsusulit at iba pang gawain. Huwag itutupi ang mga pahina ng modyul dahil gagamitin pa ito ng iba.

3. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno. Makatutulong ito upang madali mong mabalikan ang mga liksyon.

4. Basahing mabuti ang mga babasahin o teksto. Malaking tulong ito upang makamit mo ang mataas na antas ng kaalaman.

5. Ang mga tamang sagot ( answer key ) sa panimula at pangwakas na pagsusulit ay kukunin sa guro pagkatapos mong masagutan ang mga aytem.

## *Ano na ba ang alam mo?*

Bago ka magpatuloy sa pag-aaral sa modyul na ito, subukin mo munang sagutin ang bawat pagsusulit.

Huwag kang mag-alala sakaling hindi mo man masagot ang ilan sa mga ito. Layunin lamang nito na masukat kung ano na ang alam mo at di-alam tungkol sa araling tatalakayin sa modyul na ito.

A. Panuto: Lagyan ng tsek (√ ) kung ang may salungguhit ay salita/parirala ay nagsasaad ng implikasyon at ekis ( x ) kung hindi.

____1. **Lubhang mahirap ang buhay** ng nakararami sa ngayon kaya't marami ang nakaiisip na gumawa ng kasamaan.

____2. **Sa palagay ko,** hindi tayo uunlad kung patuloy tayong aasa sa iba.

____3. Kung hindi tayo magsisikap, **baka** hindi na tayo makaahon sa hirap.

____4. Kailangan ang pagkakaunawaan at pagkakaisa upang **umunlad ang buhay.**

____5. **Maaaring** dahil sa maling sistema ng pamahalaan kaya hindi umuusad ang kabuhayan sa bansa.

B. Panuto: Punan ng angkop na salitang nagsasaad ng implikasyon ang bawat patlang upang mabuo ang talata. Piliin lamang ang titik ng angkop na sagot.

Sa kasalukuyan, lubhang nahaharap ang ating bansa sa napakaraming suliranin. ____1_____ ang mga suliraning ito ang dahilan kung bakit hindi umuunlad ang ating bansa. __________2____________, ang di-pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat Pilipino ang naglulugmok sa atin sa kahirapan. Iba't ibang pangyayari ang nagaganap sa ating bansa at sa __________3____________ , ang pinakamaugong ngayon ay ang kabi-kabilang protesta laban sa ating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo. ______4_________ tuluyan nang bumagsak ang kabuhayan at ekonomiya sa bansa kung di-agarang lulutasin ang suliraning ito. _____5________ sa pagkakaisa at pagtutulungan ay makamit natin ang hangad na kapayapaan at pag-unlad.

a. baka
b. marahil
c. maaaring
d. sa palagay ko
e. sa pagkakarinig ko

C. Panuto: Bumuo ng pangngalang-diwa hango sa mga sumusunod na salita.

1. mag-ayos
2. magbigay
3. umibig
4. magkaisa
5. mag-aral
6. umawit
7. tumulong
8. lumingon
9. mag-aklas
10. magtanim

D. Panuto: Tukuyin ang mga pangngalang-diwa sa mga sumusunod na pangungusap.

1. Ang pagmamahal sa bayan ay likas sa mga Pilipino.
2. Dahil sa kawalan ng pagkakaisa ay nalulugmok ang ating bayan sa kahirapan.
3. Kabi-kabila ang protesta dahil sa pagtaas ng presyo ng langis at bilihin.
4. Ang pag-unlad ng bayan ay nakasalalay sa mga mamamayan.
5. Kailangan ang pagtutulungan upang lubusang makamit ang kaunlaran.

E. Formalidad ng Pagkakagamit ng Wika:

A. Panuto: Isulat ang **F** kung formal at **DF** kung di-formal ang pagkakagamit ng wika.

1. Ama
2. Promdi
3. Kapatid
4. Erpat
5. Pera
6. Tsibog
7. Ina
8. Utol
9. Syota
10. Ermat

B. Panuto: Gawing formal ang mga di-formal na salita sa bawat pangungusap.

1. Mahirap matugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan kung hindi sapat ang iyong datung.
2. Maraming trobol ang kinakaharap ng pamahalaan sa kasalukuyan.
3. Nakakayanan ng mga welgista ang maghapong pananatili sa lansangan dahil sa libreng tsibog.
4. Dahil sa taas ng presyo ng krudo, napipilitang magtipid ang mga may tsikot.
5. Maraming promdi ang napipilitang magtungo sa Maynila upang umasenso ang buhay.

F. Uri ng Teksto:

Panuto: Basahing mabuti ang teksto. Pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan. Titik lamang ng wastong sagot ang isulat. Gumamit ng hiwalay na sagutang papel sa pagsagot.

## Ang Digmaang Pilipino-Amerikano



Nagkaroon ng tensyon sa pagitan ng mga sundalong Pilipino at Amerikano dahil sa magkasalungat na mga kilusan para sa kalayaan at kolonisasyon. Napalubha pa nang dinamdam ng mga Pilipino na napaglinlangan sila ng kanilang dating kaalyado, ang mga Amerikano. Sumiklab ang labanan noong Pebrero 4, 1899, nang barilin ng isang Amerikanong sundalo ang isang Pilipinong sundalo na tumawid sa tulay papunta sa teritoryong nasasakop ng mga Amerikano sa San Juan del Monte. Kinilala ng mga mananalaysay ang insidenteng ito bilang simula ng digmaan.

Mabilis na nakubkob ng mga Amerikano ang Pasig at ang iba pang bayan sa timog ng Maynila. Sa hilaga ng lungsod, mabilis na nakuha ni General Arthur MacArthur ang La Loma at Kalookan. Dumating ang mga tulong-sundalo mula sa Estados Unidos. Nakuha ng mga Amerikano ang Iloilo noong Pebrero 20 gayong malakas ang pwersa ni Heneral Martin Delgado. Ang Cebu ay isinuko noong Pebrero 22 nang walang laban. Ipinasiya ni Aguinaldo

na gumamit ng mga taktikang gerilya upang ituloy ang pakikipaglaban ng mga Pilipino. Ngunit, gumamit ng iba't ibang taktikang pandigma ang mga Amerikano upang tapusin ang digmaan.

Malakas at mahabang panahon ang naging pakikipaglaban ng mga Pilipino sa mga Amerikano. Noong Hulyo 4, 1902, ipinahayag ni Pangulong Theodore Roosevelt na tapos na ang digmaang Pilipino-Amerikano.

1. Anong uri ng teksto ang binasa?
   a. deskriptiv  b. argumentativ  c. persweysiv  d. narativ

2. Alin sa mga sumusunod na salita ang ginamit upang tukuyin ang pagsisimula ng isang malaking pangyayari?
   a. mabilis  b. sumiklab  c. pwersa  d. malakas

3. Ano ang implikasyon ng pagtanggi ng isang heneral na Amerikano na makipag-usap tungkol sa nangyari sa tulay ng San Juan?
   a. marahil ay inisip ng mga Pilipino na binalak talaga ng mga Amerikano ang pagsisimula ng labanan.
   b. baka hindi naniniwala ang heneral na ang Amerikanong sundalo ang bumaril.
   c. maaaring ayaw nang pag-usapan pa ng heneral ang pangyayari.
   d. lahat ng nabanggit

4. Paano sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano?
   a. nang lumusob ang mga sundalong Amerikano
   b. nang mabaril ang isang sundalong Pilipino
   c. nang sakupin ng mga Amerikano ang Maynila
   d. nang mabaril ang sundalong Amerikano

5. Isaayos ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunud-sunod. Titik lamang ang isulat sa sa inyong sagutang papel.

_____1. Ipinahayag ni Pangulong Roosevelt na tapos na ang digmaang Pilipino-Amerikano.
_____2. Ipinasiya ni Aguinaldo na gumamit ng mga taktikang gerilya sa pakikipaglaban.
_____3. Nabaril ng isang sundalong Amerikano ang isang sundalong Pilipino sa tulay ng San Juan del Monte.
_____4. Mabilis na nakubkob ng mga Amerikano ang Pasig at iba pang bayan sa timog Maynila.
_____5. Ang Cebu ay isinuko noong Pebrero 22 nang walang laban.

G. Katangian ng Teksto:

Balikan ang tekstong *Ang Digmaang Pilipino-Amerikano*, isa-isahin ang tiyak na layon ng tekstong ito.

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________

H. Pagsunod sa Tiyak na Pamantayan ng Pasulat na Komunikasyon:

Panuto: Isaayos ang bawat pangungusap ayon sa wastong bantas at baybay.

1. Sumiklab ang labanan ng Filipino at Amerikano noong pebrero 4 1899
2. Gumamit ng ibat-ibang taktikang pandigma ang mga amerikano upang tapusin ang Digmaan
3. nagsimula ang labanan ng barilin ng isang Amerikanong sundalo ang isang sundalong Pilipino.
4. noong ika, 4 ng hulyo,1902 ipinahayag ni Pangulong Teodore Rosevelt na tapos na ang digmaan.
5. ang cebu ay isinuko nung pebrero 22 ng walang laban.

---

Kung tapos ka nang sumagot, kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro. Nawa'y maging matapat ka sa pagwawasto. Pag-aralan mong mabuti ang modyul na ito kung hindi mo nasagutan ang 95% ng mga aytem.

Kung wala kang mali sa bawat pagsusulit, pag-aralan mo na ang susunod na modyul.

---

# *Mga Gawain sa Pagkatuto*

## Sub Aralin 1

### Mga Salita/pangungusap na Nagsasaad ng Implikasyon


**Layunin**

Nakikilala at nagagamit nang wasto ang mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon

**Alamin**

Pagmasdan ang larawan sa ibaba. Ano ang maaaring implikasyon ng senaryong ito?





Ang mga salitang may salungguhit sa usapan ay mga salitang nagsasaad ng implikasyon.

Upang malaman mo ang mga ito, magpatuloy ka sa pag-aaral sa modyul na ito.

**Linangin**

Ano nga ba ang **Implikasyon**?
Ang Implikasyon ay ang kahulugang iniuugnay sa isang bagay, pangyayari, kalagayan at kaisipan. Ito ay isang kaisipan na hindi tahasang ipinahahayag sa isang teksto. Ito ay pangkalahatang pagtingin sa bagay-bagay.

**Mga Salita/pangungusap na Nagsasaad ng Implikasyon**

1.) Ang mga salitang nagsasaad ng implikasyon na nangangatwiran ay panagot sa tanong na **<u>bakit</u>** at nagbibigay ng pangangatwiran o kadahilanan para sa pagkakaganap ng isang bagay. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:
*Dahil sa, kasi, sapagkat, sanhi sa, mangyari, sa palagay ko, batay sa aking paniniwala, baka, maaaring, palibhasa, sa pagkakaalam ko at sa pagkakarinig ko.*

Hal.
a. Ang pangkat nila ay nagbunyi *dahil sa* sila'y nagtagumpay.
b. Marami siyang anak *sapagkat* ayaw nilang maniwala sa pagpaplano ng pamilya.

2.) Ang mga salitang nagsasaad ng implikasyon sa kalagayang pasubali ay nangangailangan ng paliwanag upang mabuo ang kahulugan. Ang mga ito ay ang mga sumusunod.
*Kung, kapag, pag, sakali at disin sana.*

Hal.
a. *Sakaling* siya ay makatapos ng pag-aaral, pag-aaralin naman niya ang kanyang mga kapatid.
b. Magagantihan din niya ang mga ginawa mong kabutihan *kapag* siya'y nakakita na ng trabaho.

Basahin ang teksto tungkol sa League of Nations at tingnan kung paano ginamit dito ang mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon.

## League of Nations: Itinakdang Kabiguan

Nabuo mula sa abo ng digmaan, naging abo rin dahil sa digmaan. Ganito mailalarawan ang *League of Nations*, ang unang samahang pandaigdig na naglayong makamit ang kapayapaan sa buong daigdig.

Nakatakda nang mabigo ang League of Nations sa simula pa lamang. Minaliit ng mga kasaping bansa ang samahan dahil sa hindi bahagi nito ang mga makapangyarihang bansa tulad ng Estados Unidos, Alemanya at Rusya. Bagaman si Pangulong Woodrow Wilson ang nakaisip na itatag ang isang League of Nations, tumanggi ang kongreso ng Estados Unidos na pagtibayin ang konstitusyon nito. Dahil dito, nabigong maging kasapi ng samahan ang Estados Unidos, ang pinakamakapangyarihang bansa sa daigdig. Nakabawas sa karangalan ng League of Nations ang desisyong ito ng Estados Unidos.



Tinanggihan ding maging kasapi ng samahan ang Alemanya. Ayon sa Treaty of Versailles, hindi maaaring maging kaanib ang Alemanya dahil ito ang nagpasimula ng digmaan. Nilayuan din ng samahan ang Rusya dahil kinatatakutan ng mga bansa sa kanlurang Europa ang pamahalaang komunista nito. Naging pinakamakapangyarihang kasapi ng League of Nations ang Britanya at Pransya. Ngunit dahil sa pinsalang natamo ng dalawang bansa sa nagdaang digmaan, naging limitado ang pakikibahagi nito sa mga layunin ng samahan. Itinakda rin ng Covenant na maaaring gumamit ng pwersang militar ang samahan upang maipatupad ang layunin nito. Ngunit walang sariling hukbong sandatahan ang League of Nations. Wala ring kahilingan ang samahan na mag-ambag ang mga kasaping bansa nito ng tropang militar upang magamit ng samahan. Dahil dito, walang kapangyarihan ang League of Nations na magpatupad ng kagustuhan nito. Maaari lamang itong magbigay ng babala.

Nalantad ang kahinaang ito ng League of Nations nang tumanggi ang Poland na sundin ang desisyon ng samahan sa pagsakop nito sa Vilnius noong 1920. Wala ring nagawa ang League of Nations nang sakupin ng Pransya ang Ruhr noong 1923. Nabigo rin ang samahan na kumilos nang salakayin ng Hapon ang Manchuria noong 1931. Bilang tugon sa desisyon ng League of Nations, tumiwalag ang Hapon sa samahan noong 1933. Hindi rin nito nahadlangan ang digmaan ng Bolivia at Paraguay noong 1932.

Napaharap ang League of Nations sa sunud-sunod na mga banta sa pandaigdig na kapayapaan. Tumiwalag ang Alemanya sa samahan noong 1933. Nagtagumpay ang Italya na sakupin ang Ethiopia kahit na may economic sanctions ang samahan noong 1935. Tinuligsa ni Adolf Hitler, ang pinuno ng Alemanya, ang Treaty of Versailles noong 1936. Kasunod nito, nilusob ni Hitler ang Austria noong 1938. Dahil sa dami ng mga suliraning hindi nalutas ng League of Nations, bumagsak ang samahan. Ginawa ng samahan ang huling hakbang nito nang patalsikin nito ang USSR noong 1939. Tuluyang nabuwag ang League of Nations noong 1946.

-Halaw sa Wika at Panitikan sa Makabagong
Panahon II, Diwa Publications

Matapos mong basahin at unawain ang mga pahayag at teksto na ginagamitan ng mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon, dumako ka sa susunod na bahagi upang malaman mo kung kaya mong kumilala at gumamit ng mga salita at pangungusap na ito.

O sige, simulan mo na!

**Gamitin**

A. Panuto: Tukuyin ang mga salitang nagsasaad ng implikasyon sa bawat bilang.

1. Minaliit ng mga kasaping bansa ang samahan dahil sa hindi bahagi nito ang mga makapangyarihang bansa.
2. Kung naging kasapi ng League of Nations ang Estados Unidos ay tiyak na magiging malakas ito.
3. Tuluyang nabuwag ang League of Nations sapagkat naharap ito sa sunud-sunod na banta sa pandaigdig na kapayapaan.
4. Maaaring nanatiling malakas ang League of Nations kung hindi tumanggi ang Poland na sundin ang desisyon ng samahan.
5. Bumagsak ang samahan dahil sa dami ng mga suliraning hindi nalutas nito.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Tama ba lahat ng sagot mo? Magaling! Magpatuloy ka.

Kung may mali ka, basahin mong muli ang teksto at balikan ang paliwanag tungkol sa mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon.

Gawin mo na ang susunod na gawain.

B. Panuto: Iguhit ang kahon (□) kung ang pangungusap ay nagsasaad ng implikasyon at bilog (○) naman kung hindi.

______1. Nakatakda nang mabigo ang League of Nations.
______2. Baka naisalba ang samahan kung nagkaisa ang bawat kasapi nito.
______3. Ang Estados Unidos ang pinakamakapangyarihang bansa sa daigdig.
______4. Nagtagumpay sana ang samahan kung iisa ang kanilang layunin at mithiin.
______5. Maaaring nakamit ang kapayapaan kung sinunod ng mga kasaping bansa ang pangunahing layunin ng samahan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung tama lahat ng sagot mo. Magaling! Kung may mali ka, balikan ang mga naunang gawain at subukan mong muling sagutan ito.

**Lagumin**

Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

Bilang paglalagom, ibigay ang hinihingi ng bawat bilang.

Ang ________1__________ ay ang kahulugang iniuugnay sa isang bagay, pangyayari, kalagayan at kaisipan. Ito ang pangkalahatang pagtingin sa bagay-bagay.

Ang mga salitang nagsasaad ng ______2_________ na nangangatwiran ay panagot sa tanong na ____3_____ at nagbibigay ng pangangatwiran o kadahilanan para sa pagkakaganap ng isang bagay.

Ang mga salitang nagsasaad ng kalagayang _____4______ ay nangangailangan ng ______5______ upang mabuo ang kahulugan.


Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayon, alam mo na ang mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon. Handa ka nang sagutin ang pagsubok.

Dumako ka na sa susunod na gawain.

**Subukin**

Panuto: Piliin sa gawing kanan ang angkop na implikasyon ng mga sumusunod na larawan.

1.  a. dahil sa galing niya at talento.

2.  b. baka may suliranin siya.

3.  c. maaaring may nagawa siyang labag sa batas

4. 


d. marahil ay may magandang nangyari sa kanya

5. 

e. dahil sa nais niyang makapagtapos ng pag-aaral.

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, dumako ka na sa Sub Aralin 2, kung marami kang mali, gawin mo na ang bahaging Paunlarin.

**Paunlarin**

Panuto: Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay kumuha mula sa teksto ng mga pahayag na nagsasaad ng implikasyon.

**Ang Laban sa Edsa**

Napakalaking bahagi sa ating kasaysayan ang Edsa Revolution sapagkat naipakita dito ang pagkakaisa ng mga Pilipino sa pagharap sa krisis ng bansa.

Winakasan ang dalawampung taong pamumuno ng tinaguriang diktador na pangulo na si Ferdinand Marcos. Dahil sa pang-aabuso sa kapangyarihan ay nagkaisa ang mga Pilipino na siya ay patalsikin. Nanawagan si Jaime Cardinal Sin sa lahat na pagtungo sa Edsa at ilahad ang mga hinaing laban sa mapang-abusong pangulo, na tinugon naman ng lahat.

Palibhasa, tayo ay mapagmahal sa Kalayaan, ang matahimik na rebolusyon sa Edsa ay naging matagumpay at nailuklok ang kauna-unahang babaeng pangulo ng bansa sa katauhan ni Corazon Aquino.

Nanumbalik sa bansa ang demokrasya at naibalik din ang pagpapahalaga ng lahat sa karapatang tao. Kung naging marahas ang mga Pilipino sa rebolusyon sa Edsa, maaaring maraming buhay ang nasawi at hindi nakamit ng bansa ang kapayapaan.

Samakatwid, makakamit natin ang tagumpay at kalayaan kung lahat tayo ay magkakaisa para sa katahimikan, kapayapaan at pag-unlad ng bansa.

Mga Pahayag na Nagsasaad ng Implikasyon:

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

## Sub Aralin 2

### Pangngalang-diwa

**Layunin**

Nakikilala at nagagamit ang pangngalang-diwa sa pangungusap

**Alamin**

Kabi-kabilang kilos protesta ang matutunghayan natin sa lansangan.




Napapanahong isyu ngayon sa bansa ang *pagpapatalsik* kay Pangulong Gloria Macapagal Arroyo.

At dahil tayo ay nabibilang sa isang demokratikong bansa, naipapakita nila ang *pagtuligsa* sa Pangulo sa pamamagitan ng *pagwewelga*.

Ang mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap ay tinatawag na pangngalang-diwa.

Upang malaman mo ang mga ito, magpatuloy ka sa pag-aaral sa modyul.

**Linangin**

Ang ***pangngalang-diwa*** ay hango sa pandiwa na ginagamit na pangngalan. Samakatwid, nangangahulugan ito na ang salita ay isang pandiwang naging pangngalan.

Ang pandiwang banghay sa UM ay nagiging pangngalang-diwa sa pamamagitan ng pagkakabit ng PAG sa salitang-ugat.

umasa - pag + asa = pag-asa
tumulong - pag + tulong = pagtulong

Ang pandiwang banghay sa MAG ay nagiging pangngalang-diwa sa pamamagitan ng pagkakabit ng PAG sa salitang-ugat na inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat.

magplano - pag + plano = pagpaplano
magsulat - pag + sulat = pagsusulat

Ang pandiwang banghay sa MANG ay nagiging pangngalang-diwa sa pamamagitan ng pagkakabit ng PANG sa salitang-ugat na inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat.

mangyari - pang + yari = pangyayari
mang-api - pang + api = pang-aapi

Basahin ang teksto tungkol sa GOMBURZA at tingnan kung paano ginamit dito ang mga pangngalang-diwa.

**Mga Pangyayaring Naghatid sa Pagbitay sa GOMBURZA**



Nang maging gobernador-heneral si Heneral Carlos Maria dela Torre noong Hunyo 23,1896, lalong lumakas ang loob ng mga Pilipino na labanan ang patakarang

kolonyal. Naniniwala si Heneral dela Torre sa liberalismo at ipinamalas niya ito sa pamamagitan ng mga patakaran at mahusay na pakikitungo sa mga Pilipino. Pantay-pantay ang pagtingin niya sa mga Espanyol at mga Pilipino. Ipinatupad niya ang kalayaan sa pagsasalita at pagtalakay ng mga suliraning pampulitika. Ipinagbawal din niya ang paglatigo bilang parusa sa tumitiwalag na mga sundalong Pilipino.

Nagbago ang pamamahala sa Pilipinas nang palitan ni Heneral Rafael de Izquierdo si dela Torre bilang gobernador. Inalisan niya ng karapatan ang mga manggagawang Pilipino sa Cavite na hindi nagbabayad ng taunang buwis. Nagdulot ito ng kaguluhan at pag-aalsa noong Enero 20,1872 sa pamumuno ni Sarhento La Madrid, isang Pilipino. Napatay nila ang mga opisyales ng hukbong Espanyol at nakuha ang arsenal ng Cavite. Nagkaroon ng madugong labanan at kabilang si La Madrid sa mga namatay. Ang mga nakaligtas ay ipinadala sa Maynila bilang mga bihag.

Lumaki ang isyu tungkol sa pag-aalsa sa Cavite. Para kay Ozquierdo, ito'y isang rebolusyong naglalayong pabagsakin ang pamahalaang Espanyol sa Pilipinas, ngunit ang totoo, hindi rebolusyon ang naganap sa Cavite kundi isang protesta lamang ng mga sundalo at manggagawa. Isinangkot niya ang mga aktibo sa panloob na kilusang sekularisasyon sa loob ng simbahan tulad nina Padre Gomez, Padre Burgos at Padre Zamora sa naganap na kaguluhan.

Nilitis at hinatulan ng kamatayan ang tatlong pari bagaman walang katibayan na sila ay nagkasala. Subalit isang palabas na paglilitis lamang ang naganap dahil sa katunayan, sinuhulan lamang ng pamahalaan si Francisco Zaldua, isang dating sundalong Bikolano, upang tumestigo laban sa tatlong pari. Hindi rin ipinaglaban at ipinagtanggol ng kanilang mga abogado ang tatlong paring martir.

Noong Pebrero 17,1872, nasaksihan ng maraming Pilipino ang pagbitay sa tatlong pari. Si Padre Gomez ang unang binitay, sumunod si Padre Zamora, at huli si Padre Burgos.

-Halaw sa Wika at Panitikan sa Makabagong
Panahon II, Diwa Publication

Matapos mong basahin at unawain ang mga pahayag at teksto na ginagamitan ng pangngalang-diwa, dumako ka sa susunod na bahagi upang malaman mo kung kaya mong kumilala at gumamit ng mga pangngalang-diwa.

O sige, simulan mo na!

**Gamitin**

A. Panuto: Piliin sa Hanay B ang angkop na pangngalang-diwa sa mga larawan sa Hanay A. Titik lamang ng pinakawastong sagot ang isulat.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  | a. pagdarasal |

2.  b. pagkakaisa

3. 

c. pagsuko

4.  d. pakikipaglaban

5.  e. pagpoprotesta

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro

Tama ba lahat ng sagot mo? Magaling! Magpatuloy ka na.

Kung may mali ka, basahin mong muli ang teksto at balikan ang paliwanag tungkol sa pangngalang-diwa.

Gawin mo na ang susunod na gawain.

B. Panuto: Isulat ang **PD** kung ang salita ay isang pangngalang-diwa at **D** kapag hindi.

_____ 1. paggalang
_____ 2. umakyat
_____ 3. pangako
______6. panalangin
______7. pagkakaisa
______ 8. paglaban

______ 4. sumuko

______ 5. panganib

_______ 9. paglabag


_______10. pag-aaklas

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung tama lahat ng sagot mo, Magaling! Kung may mali ka, balikan mo ang mga naunang gawain at subukan mong muling sagutan ito.

**Lagumin**

Panuto: Gawing pangngalang-diwa ang mga salita sa bawat bilog.




Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayon, alam mo na ang pangngalang-diwa.

Dumako ka na sa susunod na gawain

**Subukin**

Panuto: Tukuyin ang mga pangngalang-diwa sa sumusunod na pangungusap.


1. Nabahala ang Espanya bunga ng sunud-sunod na pag-aaklas ng mga Pilipino.
2. Ang masiglang kalakalan sa Maynila ang naging dahilan ng paglitaw ng mga ilustrado sa lipunan.
3. Dahil sa kawalan ng pagkakaisa ng mga kasapi ay humina ang kilusang rebolusyunaryo.
4. Unti-unti silang namulat sa pang-aabuso’t pang-aapi ng mga Espanyol.
5. Ang pagsibol ng kaisipang liberal ang nagpaalab sa damdaming makabayan ng mga Pilipino.
6. Nagkaroon ng pag-unlad sa kalagayang pang-ekonomiya ang bansa.
7. Ang madugong labanan sa Cavite ang nagbunsod ng pagbitay sa tatlong paring martir.

Iwasto ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, dumako ka na sa Sub Aralin 3, kung marami kang mali, gawin mo na ang bahaging Paunlarin.

**Paunlarin**

Panuto: Basahin nang tahimik ang sumusunod na teksto, Pagkatapos ay kumuha mula sa teksto ng mga pangungusap na nagtataglay ng pangngalang-diwa.



**COLD WAR: Muling Paghahati sa Mundo**

Makaraan ang Ikalawang Digmaang pandaigdig, muling nagkaroon ng pagbabago sa hitsura ng mundo. Isa rito ang paglaya ng maraming bansa sa Asya na patuloy na may mahigpit na ugnayan sa dati nilang mananakop. Isa pa ang paglitaw ng USSR na nagtaguyod ng sosyalismo at komunismo na kontra sa kapitalismong itinaguyod ng Estados Unidos at ng Europa. Hinati ang mundo sa kampong kapitalista at kampong sosyalista.

Malaki ang papel ng Estados Unidos sa muling pag-aayos ng daigdig bilang pinakamalakas na makapangyarihang kapitalista pagkatapos ng digmaan. Upang mapigil ang inaakala nito na paglaganap ng sosyalismo at komunismo ng USSR, gumawa ito ng iba’t ibang hakbang. Tinumbasan ito ng USSR kung kaya naganap ang tinatawag na *Cold War*.

Sa panahon ng Cold War, ang pagtulong ng Estados Unidos at ng Unyong Sobyet ay may layuning hikayatin sa panig nito ang mga bansang tinulungan. Tinulungan ng Marshall Plan ng Estados Unidos ang Europa na makabangon pagkatapos ng digmaan. Tinulungan din

nito ang Hapon na tuwirang nakapailalim dito pagkatapos ng digmaan. Ito ang mga alyado ng Estados Unidos laban sa USSR.

Upang hikayating magpadala ng sundalo ang ibang bansa sa digmaan sa Korea at Vietnam, nagbigay ng tulong ang Estados Unidos sa kanila. Sa hangad na labanan naman ang paglaganap diumano ng komunismo sa Pilipinas at Indotsina, binigyan ng tulong ng Estados Unidos ang mga pamahalaan dito para sa pagpapaunlad ng kanayunan at pagpapatupad ng reporma sa lupa. Nakinabang sa tulong ang mga maykapangyarihan sa bawat bansa na tumupad sa kagustuhan ng Estados Unidos. Ngunit walang pagpapaunlad sa kanayunan o pagpapatupad ng reporma sa lupa na naganap. Ginamit lamang ito upang tugunan ang hinaing ng mga magsasaka kundi upang sugpuin ang pagrerebelde nila.

Mahaba ang karanasan ng mga Pilipino sa tulong ng Estados Unidos. Hindi nakatulong ang tulong panlabas ng mga Amerikano para sa reporma sa lupa upang mabawasan ang paglakas ng mga komunismo sa mga kanayunan sapagkat ang layunin ng reporma ay di gaano sa pagbibigay o pagbabahagi ng lupa at sa pagpapataas ng bahagdan ng produksyon. Iniingatan ng neo-kolonyalistang Amerikano na masaling ang interes ng mga mayayaman at makapangyarihang may-ari ng malalawak na lupain. Hindi nagtangka ang mga Amerikano na maiahon ang kabuhayan ng mga Pilipino mula sa sistemang agrikultural tungo sa pagiging industriyal, manapa'y pinilit na maitakda ang Pilipinas bilang agrikultural na bansa na maaaaring pagkunan nila ng mga hilaw na materyal para sa kanilang industriya. Mulat ang maraming Pilipino sa sitwasyong ito.

Halaw sa Panahon, Kasaysayan at Lipunan, Diwa Publication

Mga Pangungusap na Nagtataglay ng Pangngalang-diwa:

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

## Sub Aralin 3

## Tukuyin ang Teksto

**Layunin**

Natutukoy kung ang teksto ay narativ

**Alamin**

Bigyang-pansin ang dayalogo:




Hindi gaanong nagkaunawaan at hindi naging malinaw ang pahayag ng nagsasalita sa dayalogo dahil hindi nailahad nang malinaw ang mga pangyayari sa binasang balita.

Upang maging malinaw ang isang tekstong narativ ay kailangang mailahad nang maayos ang mga pangyayari ayon sa wastong pagkakasunud-sunod.

Alamin mo kung ano ang tekstong narativ. Magpatuloy sa pag-aaral sa modyul.

**Linangin**

**Narativ** ang teksto kapag nagbibigay ito ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari habang nagpapakita ng mga impormasyon tungkol sa mga tiyak na sitwasyon, tagpo, panahon at mga tauhan.

Ang tekstong narativ (report) ay isang tahasang paglalahad ng isang mahalagang pangyayari. Nagkukwento o nagsasalaysay ito ng mga magkakaugnay na kilos tungkol sa isang pangyayari. Layunin nitong ipabatid ang mahalagang pangyayari at ang mga detalyeng kaugnay nito.

Ang *narativ* ay nagsasalaysay ng kwento. Bilang isang kwento, ito ay may tagpuan, mag tauhan at banghay. Ang banghay ay binubuo ng magkakasunod na pangyayaring may simula, gitna at katapusan. Sa isang narativ na historikal, mahalaga ang kronolohiya ng mga pangyayaring bumubuo ng banghay.

**Mga Katangian ng Mahusay na Narativ**

May mga tiyak na katangian ang isang mahusay na narativ:


- *Sumusuporta sa isang pangunahing punto* – Ang punto o pangunahing idea ay kadalasang nasa unang talata. Maaaring Makita ito sa una, gitna o huling pangungusap ng talata. Lahat ng detalye sa narativ ay sumusuporta sa pangunahing idea o punto.
- *Isinasalaysay ang mga pangyayari nang magkakasunud-sunod* – Ang isang narativ tungkol sa mga personal na karanasan ng may-akda (narativ na personal) ay may banghay. Tumutukoy ito sa istruktura ng aksyon na maaaring binubuo ng simulang aksyon, kumplikasyon, sukdulan, at katapusan. Ang isang narativ na historikal naman ay binubuo ng kronolohiya ng mga pangyayari. Ang kronolohiya ay maaaring mula sa pinakauna hanggang sa pinakahuli. Mahalaga ito upang maunawaan ng mga mambabasa ang mga dahilan at sanhi ng mga pangyayari.
- *Nagbibigay ng detalyadong obserbasyon ng mga tao, lugar o pangyayari* – Sa isang mahabang narativ, kailangan ito upang lubos na maunawaan ang konteksto ng mga pangyayari. Sa isang maikling narativ, tulad ng isang anekdota, maaaring hindi na kailangan ito.
- *Nagpapakita ng mahahalagang pagbabago, pagkakaiba, salungatan, at tension* – Halimbawa, ipinakikita rito ang salungatan ng mga tauhan at ang nalilikhang tensyon sa kanilang pagtatagisan.
- *Nakapokus sa koneksyon sa pagitan ng mga pangyayari, mga tao, mga lugar noon at ngayon* – Ipinakikita nito ang kaugnayan ng mga pangyayari sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto, pagkatapos ay gawin ang mga gawaing nauukol dito.

Bago mo basahin ang teksto, basahin ang pamatnubay na tanong na iyong sasagutin pagkatapos mong basahin ang buong teksto.

Pamatnubay na Tanong:

Anu-anong mga pangyayari ang nagbunsod upang ituring na mga bayani ang labintatlong martir ng Cavite?



# Trece Martirez ng Cavite: Inspirasyon ng Kabayanihan

Ang Setyembre ay isa sa mga buwan na hitik sa makukulay na bahagi at yugto ng kasaysayan at may hatid na kahalagahan. Isang halimbawa nito ang ika-12 ng Setyembre. Sa kasaysayan ng Pilipinas, mahalaga at natatangi ito sapagkat ginugunita ang pagkamakabayan at kabayanihan ng labintatlong martir o Trece Martires ng Cavite.

Ayon sa kasaysayan, ang labintatlong makabayang ito ng makasaysayang lalawigan ng Cavite ay sabay-sabay na pinatay sa pamamagitan ng firing squad noong Setyembre 12, 1896 sa harap ng Fort San Felipe.

Sa kanilang kamatayan alang-alang sa kalayaan ng Pilipinas na tinatamasa ngayon at inaalagaan, nanatili silang buhay sa puso at alaala ng sambayanang Pilipino at sa dahon ng kasaysayan.

Ang 13 Martires ng Cavite na ang pinakamatanda ay 64 na taong gulang at 31 taong gulang naman ang pinakabata ay dinakip ng mga kastila noong Setyembre 11, 1896 matapos isumbong ng isang babaing mananahi na nagbabalak mag-alsa o maghimagsik laban sa mga kastila.

Matapos na sila'y litisin ng Korte Militar ng kastila noong Setyembre 11, 1896 at hatulan ng firing squad, sila'y hindi man lamang binigyan ng pagkakataon na makita ang kanilang mga pamilya sa huling sandali ng kanilang buhay.

Ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa kanilang paglilitis at naging kapalaran ay inilihim ng mga kastila. Sabay-sabay nga silang pinagbabaril sa harap ng Fort San Felipe noong tanghali ng ika-12 ng Setyembre, 1896.

Matapos na sila'y pagbabarilin, ang mga bangkay ng labintatlong martir ng Cavite na tadtad ng tama ay isinakay sa isang karitong hila-hila ng kalabaw. Pagkatapos, inihulog sa isang karaniwang hukay ( mass grave ) sa sementeryo Katoliko ng Caridad,Cavite.

Isa nang bahagi ng kasaysayan ng ating bansa ang kamatayan at kabayanihan ng 13 Martires ng Cavite. At sa mga nagmamahal sa kalayaan ng ating bansa, ang mga alaala at nagawa nila'y isang buhay na inspirasyon ng pagiging makabayan at kabayanihan.

- Halaw sa pahayagang BALITA,
  Setyembre 13, 2005

Upang maging lubusan ang pag-unawa mo sa teksto, gawin ang sumusunod.

Handa ka na ba? Gawin mo na.

**Gamitin**

A. Pagbibigay-kahulugan sa mga salita

Panuto: Piliin ang titik ng pinakaangkop na kahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat bilang. Titik lamang ng pinakawastong sagot ang isulat sa inyong sagutang papel.

1. Ang Setyembre ay isa sa mga buwan na hitik sa makukulay na bahagi ng kasaysayan.
   a. salat b. sagana c. sobra d. wala sa nabanggit
2. Ginugunita natin ang pagkamakabayan ng labintatlong martir ng Cavite tuwing buwan ng Setyembre.
   a. pinahahalagahan c. nalilimot
   b. inaalala d. ipinagmamalaki
3. Ang labintatlong martir ay nagbalak na mag-alsa laban sa mga kastila.
   a. maghimagsik c. mag-aklas
   b. magprotesta d. lahat ng nabanggit
4. Ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa kanilang kapalaran ay inilihim ng mga kastila. Ang kasalungat ng salitang may salungguhit ay ____________.
   a. itinago c. ibinunyag
   b. isinaloob d. wala sa nabanggit
5. Ang mga nagawa at alaala nila' y buhay na inspirasyon ng pagiging makabayan at kabayanihan. Ang salitang-ugat ng salitang may salungguhit ay ___________.
   a. bayan b. ani c. bayani d. kabayan

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Tama ba ang lahat ng sagot mo? Magaling! Magpatuloy ka.

Kung mali ka, basahin mong muli ang teksto.

Gawin mo na ang mga sumusunod na gawain.

B. Panuto: Iguhit sa patlang ang masayang mukha ( ☺ ) kung ang mga salitang nakahilig sa loob ng pahayag ay magkasingkahulugan at malungkot na mukha ( ☹ ) naman kung magkasalungat.

_______ 1. ***Hitik*** sa makukulay na bahagi ng kasaysayan ang buwan ng Setyembre at *sagana* ito sa mga alaala ng kabayanihan.

_______ 2. Ipinamalas ng labintatlong martir ng Cavite ang ***katapangan*** sapagkat hindi nila ipinakita ang ***karuwagan*** sa pagharap sa kamatayan.

_______ 3. Ang ***pinakamatanda*** sa Trece Martires ng Cavite ay 64 taong gulang samantalang ang ***pinakabata*** ay 31 taong gulang.

_______ 4. ***Nilitis*** ng Korte Militar ng kastila ang labintatlong martir at ***hinatulan*** ng parusang kamatayan.

_______ 5. Ang ***kamatayan*** ng Trece Martires ng Cavite ay nagsilbing ***buhay*** na inspirasyon ng pagiging makabayan at kabayanihan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang sumusunod ay karagdagang gawain upang lalo mo pang maunawaan ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa teksto.

Sige, simulan mo na.

**Lagumin**

A.Panuto: Punan ang kahon ng mga letra upang mabuo ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Maraming Pilipino ang nagbuwis ng buhay makamit lamang ng bansa ang kalayaan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| n | | g | - | a | | | y |

2. Nagsisilbing inspirasyon sa ating lahat ang kagitingan ng ating mga bayani.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| k | | b | | y | | | i | h | | n |

3. Nabatid ng mga kastila ang binabalak na paghihimagsik ng mga Pilipino.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| p | | g | - | a | | k | l | | s |

4. Dinakip ng mga kastila ang labintatlong martir ng Cavite noong Setyembre 11, 1896.


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | i | | u | | i |


5. Inaalala natin ang kabayanihan ng Trece Martires ng Cavite tuwing Setyembre 12.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | i | n | | g | | n | | t | a |

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa inyong guro.

B. Panuto: Piliin sa kahon sa ibaba ang mga salitang angkop sa salitang nasa bilog. Titik lamang ng wastong sagot ang isulat.






| | |
|---|---|
| a. hatol | e. pagdakip |
| b. pagkamakabayan | f. martir |
| c. kalayaan | g. korte |
| d. kasaysayan | h. pagbaril |

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Dumako ka na sa susunod na gawain.

**Subukin**

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pangyayaring inilahad ayon sa tekstong binasa. Isulat lamang ang titik mula a-e.

1. Sila’y nilitis ng Korte Militar ng kastila noong Setyembre 11,1896 matapos hatulan ng firing squad
2. Inihulog ang mga bangkay ng Trece Martires ng Cavite sa isang karaniwang hukay (mass grave) sa sementaryo ng Caridad,Cavite
3. Matapos pagbabarilin,ang mga bangkay na tadtad ng tama ay isinakay sa isang karitong hila-hila ng kalabaw.
4. Dinakip ng mga kastila ang 13 Martires ng Cavite noong Setyembre 11,1896 matapos na isumbong ng isang babaeng mananahi na nagbabalak mag-alsa o maghimagsik laban sa mga kastila.
5. Sabay-sabay na pinatay sa pamamagitan ng firing squad noong Setyembre 12,1896 sa harap ng Fort San Felipe.

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, dumako ka na sa Sub Aralin 4, kung marami kang mali, gawin mo na ang bahaging Paunlarin.

**Paunlarin**

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay sagutin ang susunod na mga gawain.



**Ang Iglesia Independiente ng Pilipinas**

Noong magsimula ang Rebolusyong Pilipino ay inatasan nina Gobernador-Heneral Basilio Agustin at Arsobispo Bernardino Nozaleda si Padre Gregorio Aglipay, isang Pilipinong pari, na himukin ang mga pinuno ng himagsikan na manumbalik sa panig ng Espanyol. Napansin nila na si Aglipay ay may pananalig pa rin sa mga Espanyol.

Lingid sa kaalaman ni Aglipay, ginamit lamang siya nina Agustin at Nozaleda upang mahuli ang mga manghihimagsik at makontrol muli ang pamamalakad ng pamahalaan. Gayunpaman, ginampanan ni Aglipay ang iniatas sa kanya. Hinimok niyang manumbalik sa pamahalaang Espanyol ang mga pinuno ng rebolusyon. Subalit nabigo siya dahil nawala na ang tiwala ng mga ito sa pamahalaang Espanyol bunga na rin ng hindi pagtupad nito sa mga pangako.

Samantala, sinugo ni Heneral Emilio Aguinaldo, ang pinuno ng himagsikan, si Kolonel Luciano San Miguel bilang kinatawan niya kay Aglipay upang maglingkod para sa kapakanan ng mga Pilipino. Bunga na rin ng pagsusumigasig ni Aguinaldo na makiisa sa mga Amerikano, sinikap niyang himukin si Aglipay na magtungo sa Hilaga upang tumulong sa mga rebolusyonaryo roon. Subalit batid ito ni Nozaleda kaya't ipinag-utos niya kay Aglipay na magtungo sa Nueva Segovia upang alamin ang kalagayan ng mga obispo roon. Iniutos ito ni Nozaleda upang huwag sundin ni Aglipay ang nais ni Aguinaldo. Sa huli, nagtungo si Aglipay sa Cavite at dito siya nakisama sa pangkat ni Aguinaldo. Hinirang siya ni Aguinaldo bilang kapitan-heneral ng hukbong rebolusyonaryo at pinuno ng relihiyon. Noong Oktubre 21,1898, nagpakalat siya ng sulat na humihimok sa mga paring Pilipino na magkaisa at bumuo ng isang konseho na hihiling sa Papa sa Roma na italagang mga Pilipino ang lahat ng namamahala sa simbahan mula sa arsobispo hanggang sa kura-paroko.

Mahihinuha na layunin ni Aglipay na gawing mga Pilipino ang namamahala sa mga parokya at hindi niya hangad na magtatag ng bagong simbahan na hiwalay sa pamamahala ng Roma.

Sinang-ayunan ni Mabini, ang utak ng himagsikan, ang hangarin ni Aglipay. Katunayan, sinulatan niya ang Pilipinong pari na bumuo ng isang simbahang pambansa dahil

naniniwala siya na makatutulong ito sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Bunga nito'y nahimok si Aglipay na magpatawag ng isang kumbensyon na dinaluhan ng mga Pilipinong pari noong Oktubre 23,1899 sa Paniqui,Tarlac. Bumuo sila ng konstitusyon at nagkasundong gawing mga Pilipino ang mamamahala sa Simbahang Katoliko. Hinangad nila na ihiwalay ang mga paring Pilipino sa mga paring Espanyol. Naitatag ang pambansang Simbahang Pilipino. Subalit hindi ito nagtagal bunga ng pagbagsak ng pamahalaang rebolusyonaryo at maging si Aglipay ay kasama nang nakipaglaban sa pwersang Espanyol. Lalong hindi napagtuunan ng pansin ang pambansang Simbahang Pilipino nang dumating ang mga Amerikano sa bansa dahil nagtago si Aglipay at sumama sa kilusang gerilya.

Kaalinsabay nito, dumating ang kinatawan ng Papa sa Pilipinas na si Monsenyor Placido Chapelle na nagpahayag na muling ibabalik ang mga paring Espanyol sa mga simbahan. Tinutulan ito ng mga paring Pilipino subalit iginiit pa rin ni Chapelle ang nais ng Papa. Gayunpaman, pumanig sa mga paring Pilipino si Isabelo delos Reyes, isang iskolar at manunulat hinggil sa pamamahala ng mga paring Pilipino sa Simbahan.

Nagtatag si delos Reyes ng unyon na tinawag na Union Obrera Democratica noong Pebrero 2, 1902. Ito ang kauna-unahang unyon ng mga manggagawa sa bansa. Nagpatawag siya ng pulong sa mga kaanib na ginanap sa Dulaang Zorilla noong Agosto 2, 1902. Ilan lamang ang nakarating sa pagpupulong dahil sa hindi mabuti ang lagay ng panahon. Dinala ni delos Reyes ang mga nakadalo sa Centro de Bellas Artes. Dito ay nagtalumpati siya at tinuligsa ang kamalian ng mga prayle at nagmungkahi na magtatag ng simbahang Pilipino na hiwalay sa pamamahala ng Iglesia Katolika Romana.

Nagbigay-daan sa pagkakatatag ng *Iglesia Independiente* ang talumpati ni delos Reyes na pinamunuan ni Aglipay bilang kataas-taasang obispo. Noong Oktubre 1, 1902, pinangunahan niya ang konseho na bumuo ng konstitusyon hinggil sa nabanggit na iglesia. Una siyang nagmisa noong Oktubre 26.

Noong Enero 18, 1903, kinilala ang pagiging kataas-taasang obispo ni Aglipay ng mga obispo sa Isabela, Cagayan, Pangasinan, Abra, Nueva Ecija, Cavite at Maynila. Nananatiling isa sa mga pangunahing sekta ang simbahang itinatag ni Aglipay.

Halaw sa Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon,
Diwa Publication

A. Panuto: Lagyan ng tsek ( √ ) kung ang mga katangian ng tekstong narativ na inilahad sa bawat bilang ay taglay ng binasang teksto at ekis ( x ) naman kung hindi.

_____1. Sumusuporta sa isang punto o nagpapahayag ng pangunahing idea.
_____2. Puno ng mga tiyak na detalye ng mga obserbasyon sa tao, lugar o pangyayari.
_____3. Isinasalaysay ang mga pangyayari nang magkakasunud-sunod.
_____4. Nagpapakita ng mahahalagang pagbabago, pagkakaiba, salungatan at tensyon ng mga tauhan.
_____5. Nakapokus sa koneksyon sa pagitan ng mga pangyayari, mga tao, mga lugar noon at ngayon.

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Gawin mo na ang susunod na gawain.

B. Panuto: Lagyan ng bilang ang bawat kahon ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ng Mga pangyayari sa teksto.

Sumama si Aglipay kay Aguinaldo at nahirang na kapitan-heneral ng rebolusyunaryo at pinuno ng relihiyon.

a. ______________

Noong Enero 18,1903, kinilala ang pagiging kataas-taasang Obispo ni Aglipay. Nanatiling isa sa pangunahing sekta ang simbahang itinatag niya.

b. _____________

Pumanig si Isabelo delos Reyes sa mga Pilipinong pari. Nagpatawag siya ng kumbensyon na dinaluhan ng mga Pilipinong pari at doon nagtalumpati. Ito ang nagbigay-daan sa pagkakatatag ng Iglesia Independiente.

c. ________________

Nagpatawag si Aglipay ng kumbensyon na dinaluhan ng mga Pilipinong pari. Dito naitatag ang Pambansang Simbahang Pilipino ngunit ito ay nabigo.

d. _____________

Inatasan si Padre Gregorio Aglipay na himukin ang mga pinuno ng himagsikan na manumbalik sa panig ng Espanyol ngunit siya ay nabigo.

e. ______________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Magpatuloy ka na sa pag-aaral sa modyul na ito. Dumako ka na sa Sub Aralin 4.

Magsimula ka na!

Sub Aralin 4

## Katangian ng Teksto

**Layunin**

Naiisa-isa ang mga tiyak na layon ng teksto

-Natutukoy ang formalidad ng pagkakagamit ng wika sa teksto

**Alamin**

Pag-aralan ang sumusunod na editorial cartoon.




Ito ba ang bayang gusto mo?

Anong kaisipan ang nais palitawin ng lumikha ng editorial cartoon na ito?

Gaya ng editorial cartoon , ang bawat tekstong ating binabasa ay nagtataglay din ng mga kaisipang nais sabihin ng may-akda sa mga mambabasa. Ito ang tinatawag na ***Layon ng Teksto***.

Upang malaman mo ang tungkol dito, magpatuloy ka sa pag-aaral sa modyul na ito.

**Linangin**

Ang *Layon ng Teksto* ay tumutukoy sa mga kaisipang nais sabihin ng may-akda sa mga mambabasa. Ang mga kaisipang ito ay may tiyakang kaugnayan sa sarili, sa isang tiyak na personalidad at sa kalahatan.

Hindi ito ang layunin kung bakit sinulat ang teksto. Ito ay pagpaparating ng kaisipan mula sa may-akda tungo sa mambabasa.

Basahin ang teksto tungkol sa People Power II at tingnan kung ano ang layon ng tekstong ito.

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay sagutin ang susunod na mga gawain.




## People Power II

Hinangaan ng buong mundo ang *People Power* sa Pilipinas noong Pebrero 25, 1986. Milyun-milyong Pilipino ang nagdagsaan sa EDSA upang patalsikin ang dating Pangulong Ferdinand Marcos. Makalipas ang labinlimang taon, muli na namang naganap ang *People Power* sa EDSA noong Enero 20, 2001.

Gabi ng Enero 16 nang magsimulang dumagsa ang maraming tao sa EDSA bilang pagtutol sa pangyayari sa *Impeachment Trial*. Pinagbobotohan kung bubuksan ang envelope na naglalaman diumano ng bank account ni Jose Velarde na pinaniniwalaang si dating Pangulong Joseph Estrada. Labing-isang senador ang bumoto ng di pagsang-ayon sa pagbubukas ng envelope samantalang sampu lamang ang sang-ayon.

Dahil sa kinalabasan ng boto, nagbitiw bilang Senate President si Aquilino Pimentel. Naniniwala siyang sa pagbubukas lamang ng envelope malalaman kung may kaugnayan at katuturan ito sa kasong inihahabla laban sa pangulo.

Kinabukasan, nagsumite ng resignation letter ang mga abogado ng prosecution panel. Madaling-araw ng Enero17, 2001, isang prayer vigil ang idinaos bilang sigaw sa pagbibitiw ng pangulo. Sa loob ng apat na araw, sinaliwan ng awit at tugtugin ng mga banda, mang-aawit, at iba pang artista ang rally na nagaganap sa EDSA. Marami ring pulitiko ang nagpahayag ng suporta. Sa pangunguna ni Jaime Cardinal Sin at dating Pangulong Corazon Aquino, maraming kabataan, manggagawa, at iba pa ang nahikayat na sumuporta sa rally sa EDSA at maging sa Ayala Avenue, Lungsod ng Makati.

Hindi rin nagmaliw ang pro-Erap rallyist na nasa Mendiola sa pagpapahayag ng suporta sa dating Pangulong Estrada. Subalit nabigo sila. Maraming opisyales ng pamahalaan ang nagbitiw sa tungkulin na lalo pang nagpahina sa pamahalaang Estrada. Maging ang matataas na opisyales ng militar ay tumiwalag din ng pagsuporta sa dating pangulo.

Tuluyang humina ang pamahalaan ni Estrada hanggang sa napagkasunduan na ng oposisyon ang pagluluklok sa panguluhan ni Pangalawang Pangulong Gloria Macapagal Arroyo. Si Punong Mahistrado Hilario Davide Jr. ang nanguna sa pagsisinaya sa bagong Pangulo sa EDSA Shrine.

Minsan pang naipamalas ng mga Pilipino sa buong mundo ang pagkakaisa at mataas na pagpapahalaga sa demokrasya, katatagan ng pamilya, at sa mga kabataan at kababaihan. Naipamalas din ang matibay na pananalig ng mga Pilipino sa Dakilang Maykapal.

Hindi pinangarap ninuman ang maulit ang People Power. Subalit kung muling hihilingin ng pagkakataon, handa ang mga Pilipinong magkaisang muli upang ipahayag ang sigaw ng sambayanan.

Halaw sa Panahon, Kasaysayan at Lipunan II,
Diwa Publication

Matapos mong basahin ang teksto, isa-isahin mo ang mga tiyak na layon ng tekstong binasa.

O sige, simulan mo na!

**Gamitin**

A. Panuto: Tukuyin ang tiyak na layon ng sumusunod na bahagi ng tekstong binasa.

1.

> Hinangaan ng buong mundo ang People Power sa Pilipinas noong Pebrero 25, 1986. Milyun-milyong Pilipino ang nagdagsaan sa EDSA upang patalsikin ang dating Pangulong Ferdinand Marcos.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.

> Makalipas ang labinlimang taon, muli na namang naganap ang people power sa EDSA noong Enero 20, 2001.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.

> Nagsimulang dumagsa ang mga tao sa EDSA bilang pagtutol sa pangyayari sa Impeachment Trial. Nagbitiw si Senate President Aquilino Pimentel,sumunod ang mga abogado ng prosecution panel dahil sa pagtutol sa pagbubukas ng envelope.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.

> Madaling-araw ng Enero 17, 2001 nang magsimula ang prayer vigil sa EDSA na pinangunahan ni Jaime Cardinal Sin at dating Pangulong Corazon Aquino kasama ang libu-libong Pilipino.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.

> Tuluyang humina ang pamahalaan ni Estrada hanggang sa napagkasunduan ng oposisyon ang pagluluklok kay Pangalawang Pangulong Gloria Macapagal Arroyo bilang Pangulo ng bansa.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

B. Panuto: Isulat ang **L** kung ang pahayag ay angkop na layon ng tekstong binasa at **DL** naman kung hindi.

_______ 1. Malaki ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa demokrasya.
_______ 2. Si Pangulong Estrada ay diktador ding gaya ni dating Pangulong Ferdinand Marcos kaya siya napatalsik.
_______ 3. Sa panahon ng krisis naipakikita ang pagkakaisa ang mga Pilipino.
_______ 4. Dahil sa galing at husay sa pamamahala ni Gloria Macapagal Arroyo kaya siya naluklok bilang kahalili ni Pangulong Estrada.
_______ 5. Isang malaking bahagi ng kasaysayan ng bansa ang mga pangyayaring naganap sa EDSA.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Tama ba lahat ng sagot mo? Magaling! Magpatuloy ka sa pag-aaral.

Kung hindi, balikan at basahing muli ang Linangin. Pagkatapos, sagutin muli ang bahaging Gamitin.

**Lagumin**

Sa paglalahad ng kwento o pagsasalaysay gaya ng tekstong narativ, may sadyang uri ng salitang dapat gamitin.

Dahil dito, mahalagang makilala mo rin ang kaurian ng mga salita ayon sa formalidad ng gamit. Ito ay upang magkaroon ka ng ganap na kaalaman sa pag-aangkop ng salitang gagamitin sa iba't ibang kalagayan.

***Formal*** ang pagkakagamit ng wika kapag ang mga salita at pahayag na ginamit ay pinili at maayos na inihanay samantalang ***Di-formal*** kapag ang mga salita o pahayag ay karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Pag-aralan pa ang tungkol sa layon ng teksto at formalidad ng pagkakagamit ng wika.

Panuto: Ihanay ang mga salita sa loob ng kahon ayon sa formalidad ng gamit.

| Formal | Di-formal |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

| | |
|---|---|
| * kakosa | * nag-aklas |
| * kasapi | * inihalal |
| * nakiisa | * trobol |
| * nai-chika | * suliranin |
| * reklamo | * welgista |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Dumako ka na sa susunod na gawain.

**Subukin**

Panuto: Tukuyin kung ***Formal*** o ***Di-formal*** ang pagkakagamit ng wika sa bawat bilang.

_________ 1. Maraming Pilipino ang nakiisa sa EDSA kasi hindi nila nais ang pamamalakad ng pangulo ng bansa.
_________ 2. Naidispatsa ang tiwaling pinuno ng bansa dahil sa People Power.
_________ 3. Isa-isang tumiwalag ang mga kasapi ng gabinete ng pangulo.
_________ 4. Ang malawakang kilos-protesta ang nagbunsod upang lisanin ni Pangulong Estrada ang Malakanyang.
_________ 5. Sa pagkakaisa at pananalig sa Diyos ay makakamit natin ang tagumpay.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayon, alam mo na ang formalidad ng pagkakagamit ng wika at ang tiyak na layon ng teksto. Handa ka nang sagutin ang pagsubok.

Dumako ka na sa susunod na gawain.

**Paunlarin**

Panuto: Basahin nang tahimik ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay tukuyin ang tiyak na layon ng tekstong binasa at pumili ng mga pangungusap na nagpapakita ng formalidad ng pagkakagamit ng wika.

## *Patak ng Unos*

Isang gabi iyon na nagtipun-tipon ang mahigit sa tatlumpung kasapi ng No to War, Yes to Peace Coalition sa harap ng Embahada ng Estados Unidos.

Ang No to War, Yes to Peace Coalition ay binubuo ng iba't ibang tao mula sa iba't ibang sektor ng lipunan at blokeng pampulitika na pinapagbuklod-buklod ng mga pirma nila sa isang pahayag na umikot sa Internet kamakailan, isang pahayag na nananawagan ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng Communist Party of the Philippines-New People's Army-National Democratic Front. Mula roo'y madaling lumalim ang panawagan ng naturang pangkat at napadako sa pananawagan ng makatarungang kapayapaan sa lahat ng dako ng daigdig.

Tangan ang mga puting kandila, ilang plakard, at isang istrimer, nagtipun-tipon ang ilan sa mga kasapi ng pangkat sa harap ng Embahada ng Estados Unidos upang tutulan ang napipintong pakikidigma ng Estados Unidos sa Iraq. Nanghawak ang koalisyon sa panawagang di makatarungan at iligal ang napipintong pakikidigmang ito, sapagkat bukod sa walang basbas ng anumang resolusyon mula sa Konsehong Panseguridad ng Nangagkakaisang Bansa'y pinangungunahan ng isang bansang walang moral na karapatang ipilit ang pagsunod ng alinmang kapwa nito bansa sa pandaigdigang batas sapagkat siya ma'y kayrami nang nilabag na patakaran ng Nangagkakaisang Bansa. Kasabay nito'y ang pagdiriin sa kahilingang pairalin sa lahat ng dako ng daigdig ang makatarungang kapayapaan.

Sapagkat ang nagsidalo'y mula sa iba't ibang blokeng pampulitika, may iba kaipalang nakaramdam ng sandaling pagkailang. Ngunit nang gabing iyo'y hindi naging mahalaga ang kung saan nanggaling ang sino; nagbuklod-buklod sila nang di nagtatanungan kung alin-aling organisasyon ang kanilang kinabibilangan. Ang naging mahalaga nang gabing iyo'y ang paninindigang ang ating bayan ay di dapat na masangkot sa digmaang di makatarungan at iligal.

Kaunti lang ang nakadalo--wala pang apatnapu. Madalian kasi ang naging mga paghahanda bago ang pagkilos; araw lang ang binilang.

Datapwat ang anumang kakulangan nang gabing iyon sa bilang ay mahusay na napunan ng makapangyarihang panawagan. Walang tangan liban sa mga kandila at plakard at isang istrimer, ang wala pang apatnapung taong nagpiket sa harap ng Embahada ng Estados Unidos ay nilingon ng bawat magdaan.

Maliit nga lang ang naging pagkilos nang gabing iyon. Ngunit ang munti mang patak ng asido'y bumubutas sa tabing ng kawalang-bahala. Wala ring unos na di sa patak nagsimula.

Halaw sa Ourthoughtsarefree.blogspot.com,
October 26, 2002

A. Panuto: Tukuyin ang tiyak na layon ng teksto binasa.

1. ______________________________________________________________________

2. ______________________________________________________________________

3. ______________________________________________________________________

B. Panuto: Pumili ng mga pangungusap na nagtataglay ng formal at di-formal na pagkakagamit ng wika. Isulat ang mga sagot sa hiwalay na papel.

Formal:
1. __________________________________________________

2. __________________________________________________

3. __________________________________________________

Di-formal:
1. __________________________________________________

2. __________________________________________________

3. __________________________________________________

## Sub Aralin 5

## Sumulat nang wasto

**Layunin**

Nakasusunod sa tiyak na pamantayan sa pasulat na komunikasyon

- wastong baybay
- wastong bantas
- wastong istruktura
- wastong gramatika

**Alamin**

Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay suriin kung ito ay nakasunod sa pamantayan sa pagsulat ng pasulat na komunikasyon.

## Napipintong Gyera sa Iraq

Ngayon pa lang, malinaw na ang mga senyales na sumiklab ang digmaan sa Iraq.

Hindi magpapapigil ang nanggigigil na si George W. Bush pangulo ng amerika. Binataan nya ang iba't-ibang bansa. Lulusubin daw ng gubyernong US ang Iraq kahit na walang pagsang-ayon dito ang United Nations.

Binatikos naman ni Tony Blaire- Prime Minister ng Great Britain – si Saddam Husein sa harap ng kanilang parlyamento.

At kahit hindi pa hinihingi ni Bush at Blair at hindi pa nagdedesisyon ang UN kaugnay nito, agad na iprinesinta ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang himpapawid nang Pilipinas upang gamitin sa gyera laban sa Iraq.

Bagamat hindi pa nagkakahugis ang aktwal na labanan, tiyak na tayong malubha ang implikasyon nito sa sangkatauhan. At sigurado ding ang epekto nito ay mas matindi sa mga manggagawa't maralita ng mga mahihirap na bansang gaya ng Pilipinas.

Kung kaya't dapat lang na suriin ng manggagawang Pilipino ang digmaan sa Iraq. Papasanin natin ang bigat ng aktibong paglahok ng gubyernong Arroyo rito. Bakit tayo magiging 'pasibong tagasubaybay" lamang gayong tayo ang siguradong apektado sa magaganap na labanan.

Halaw sa www.philsol.nl

Suriin mo ang teksto batay sa wastong bantas, baybay, gramatika at istruktura.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong masuri ang teksto, gawin mo ang susunod na gawain upang lubusan mong maunawaan ang katangian ng isang mahusay na pasulat na komunikasyon.

**Linangin**

Ang anumang karanasan, sarili man o sa iba ay magandang buhayin sa pamamagitan ng pagsasalaysay.

Sa pagsulat ng isang komposisyon, mahalagang isaalang-alang ang mga pamantayan upang makabuo ng isang maayos at makabuluhang akda.

Ang isang mahusay na teksto ay nagtataglay ng;

a. ugnay-ugnay na kaisipan
b. wastong baybay
c. wastong bantas
d. wastong istruktura.
e. wastong gramatika
f. ugnay-ugnay na makabuluhang impormasyon.

Matapos mong basahin ang teksto at mga pahayag, dumako ka sa susunod na bahagi upang malaman mo kung kaya mo nang sumuri batay sa mga tiyak na pamantayan ng pasulat na komunikasyon.

**Gamitin**

A. Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang salitang wasto ang baybay.

1. ( Iba't-ibang, Iba't ibang ) suliranin ang kinakaharap ng buong mundo sa kasalukuyan.
2. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng ( gubyerno, gobyerno ) sa paglutas ng mga suliranin ng bansa.
3. Binatikos ni Prime Minister ( Tony Blaire, Tony Blair ) si Saddamm Hussein.
4. Lulusubin daw ng US ang Iraq kahit na walang ( pagsang-ayon, pag-sangayon ) dito ang United Nations.
5. Matatahimik at uunlad ang mga bansa sa buong ( daig-dig, daigdig ) kung ititigil na ang digmaan.

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

B. Panuto: Punan ng wastong bantas ang bawat pangungusap.

1. Laganap pa rin ang terorismo saan mang panig ng mundo
2. Kailan kaya magwawakas ang digmaan sa daigdig
3. Manggagawat maralita ang apektado sa mga nagaganap na digmaan sa daigdig.
4. Ang banta ng terorismo ay lubos na nakaaapekto sa mga magulang  kabataan negosyante at maralitang mamamayan.
5. Sa ngayon patuloy pa rin ang banta ng terorismo kayat hindi nawawala ang pangamba ng lahat.

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

C. Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang angkop na kataga ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng pahayag.

1. Lulusubin ( daw, raw ) ng gobyernong US ang Iraq.
2. Gumagawa ( daw, raw ) armas-nukleyar ang Iraq na nagbabanta laban sa seguridad ng buong mundo.
3. Sisikapin ( daw, raw ) ng US na mapigil ang Iraq sa paggawa ng mga armas-pandigma.
4. Laganap na ( rin, din ) sa Pilipinas ang banta ng terorismo kaya't dapat tayong laging mag-ingat.
5. Kailangan ( din , rin ) makiisa ng Pilipinas sa mga bansa sa buong munso sa pagpapa-laganap ng kapayaan at pagkakaisa.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**Lagumin**

Lubos na mauunawaan at magiging makabuluhan ang isang teksto kung taglay nito ang mga tiyak na pamantayan sa pasulat na komunikasyon gaya ng wastong bantas, wastong baybay, wastong istruktura, wastong gramatika at ugnay-ugnay na makabuluhang impormasyon.

**Subukin**

Basahin ang sumusunoo na talata, pagkatapos ay suriin kung ito ay nagtataglay ng mga pamantayan sa pasulat na komunikasyon.

Patuloy na nagbabanta ang digmaan. Sa isang iglap maaaring gambalain ng karahasan ang anu mang natitirang kapayapaan sa buong mundo. Dahil sa marub-dob na pagnanais ng United States na makontrol ang mayamang langis sa Iraq pinaratangan at pinagbantaan nang una ang huli. Mayroon raw weapons of mass destruction ang Iraq. Pilit na humahanap ng butas ang US upang mabigyang –katwiran ang binabalak na pagatake sa iraq. Bahagi daw ito ng kampanya laban sa terorismo.Sang-ayon ka ba. Ang digmaan ay nagdadala ng kamatayan. Sana ang bagong salinlahing Pilipino ay nagbuklod upang labanan ang agresyon at digmaan.

a. wastong baybay

____________________________________________

____________________________________________

b. wastong bantas

____________________________________________

____________________________________________

c. wastong istruktura

____________________________________________

____________________________________________

d. wastong gramatika

____________________________________________

____________________________________________

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung nasagot mo nang wasto ang bahaging ito, huwag mo nang gawin ang susunod na bahagi, ibig sabihin ay sapat na ang iyong kaalaman sa aralin, subalit kung marami kang hindi nasagot, gawin mo ang susunod na bahagi. Kailangan mo pa ang dagdag na kaalaman.

Sige, simulan mo na.

**Paunlarin**

kabi kabila ang kinakaharap na suliranin ng ating bansa sa kasalukuyan. Bilang mga mamamayan nararapat lamang na tayo ay tumulong sa pagpapaunlad ng ating bayan at pagpapanatili ng kapayapaan at pagkakaisa. Hindi natin ito maisasakatuparan kong hindi sa atin magsisimula ang pagbabago tungo sa pag-unlad. Sikapin nating mamuhay ng maayos at mapayapa at huwag na tayong makiisa sa mga kaguluhang nagaganap sa paligid bagkus ay tumulong tayo upang itong ay malunasan. Sa pamamagitan nito ay tiyak na makakamit natin ang masagana at maunlad na buhay. kaya ba natin ito.

Panuto: Basahin ang talata sa itaas at ayusin ito ayon sa pamantayan ng pasulat na komunikasyon.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong gawin ang mga aralin sa Modyul na ito, alam kong handa ka na upang gawin ang susunod na bahagi.

Magsimula ka na.

## *Gaano ka na kahusay?*

A. **Mga salita/pangungusap na nagsasaad ng implikasyon:**
Panuto: Piliin sa bawat bilang ang mga salita na nagsasaad ng implikasyon.

1. Dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng krudo at mga bilihin ay nahihirapan na ang karaniwang mamamayan na pagkasyahin ang kanilang kita.
2. Kung tayo ay magtitipid, tiyak na hindi tayo kakapusin sa pang-araw-araw na pangangailangan.
3. Dahil sa problema sa politika ng bansa ay lalong bumabagsak ang ating ekonomiya.
4. Dumarami ang naghihirap sa ngayon sapagkat maraming Pilipino ang walang trabaho.
5. Maaaring manumbalik ang pag-unlad ng bansa kung ititigil na ng mga nanunungkulan ang bangayan at pagtutuunan ng pansin ang mas mahahalagang bagay.

B. **Pangngalang-diwa:**

Panuto: Piliin ang pangngalang-diwa na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Ang pag-unlad ng bansa ay makakamtan sa pamamagitan ng bayanihan.
2. Ang pagkakaisa ng mga Pilipino ay naipakita sa EDSA.
3. Sa pamamagitan ng pagwewelga ay naipakikita ng mga mamamayan ang hinaing sa pamahalaan.
4. Maraming Pilipino ang nagbuwis ng buhay sa pakikipaglaban makamit lamang ang kalayaan.
5. Malaking bahagi ng tagumpay ng People Power ang sama-samang pagdarasal ng mga Pilipino.

C. **Formalidad ng pagkakagamit ng wika:**

Panuto: Gawing di-formal ang mga salitang may salungguhit.

1. Maraming <u>suliranin</u> ang kinakaharap ni Pangulong Arroyo ngunit nananatili pa rin siyang matatag.
2. Isa sa mga pangunahing pangangailangan ng mga Pilipino na dapat tugunan ang <u>pagkain.</u>
3. Ang kakulangan sa <u>salapi</u> ang isa sa mga dahilan kung bakit maraming Pilipino ang nakagagawa ng labag sa batas.
4. Ang <u>ama</u> ng tahanan ang siyang dapat magtaguyod sa pamilya.
5. Maraming <u>ina</u> ang napipilitang magtrabaho dahil sa hirap ng buhay.

D. **Uri ng teksto:**

Panuto: Isa-isahin ang mga katangian ng isang tekstong narativ.

1. ______________________________________________________________
2. ______________________________________________________________
3. ______________________________________________________________
4. ______________________________________________________________
5. ______________________________________________________________

E. **Katangian ng teksto:**

Panuto: Isa-isahin ang katangiang dapat taglayin ng isang mahusay na teksto:

1. ________________________________
2. ________________________________
3. ________________________________
4. ________________________________
5. ________________________________
6. ________________________________